Mensahe Dalawa

# Pagmamana ng Nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang Mabuting Lupain sa pamamagitan ng Pagbibigay-pansin sa Kanyang mga Salita ng Paalala at mga Babala at sa pamamagitan ng Pagtanggap sa Kanyang Napabagong Pagsasanay upang Mapabago ang ating Panloob na Tao Araw kada Araw

Babasahin sa Kasulatan: Heb. 3:12, 16-19; 4:2, 6; 11:1; 1 Cor. 10:1-14; Awit 106:24-25; Deut. 8:3; Mat. 4:4

**I. Ang gol ng pagtawag ng Diyos sa mga anak ni Israel ay yaong pumasok sila tungo sa ipinangakong lupain upang tamasahin ang kayamanan nito nang sa gayon ay maitatag nila ang kaharian ng Diyos at maging kahayagan ng Diyos sa lupa—Exo. 3:8, 14, 17:**

A. Bagama't ang buong Israel ay tinubos sa pamamagitan ng paskua, iniligtas mula sa paniniil ng Ehipcio, at dinala sa bundok ng Diyos upang tanggapin ang pahayag hinggil sa pinananahanang lugar ng Diyos, ang tabernakulo, halos lahat ay nabuwal at namatay sa ilang, nabigong maabot ang gol na ito (Heb. 3:7-19) dahil sa kanilang masasamang gawa at di-pagsampalataya.

B. Nangangahulugan ito na bagama't natubos na tayo sa pamamagitan ni Kristo, naligtas mula sa panggagapos ni Satanas, at nadala tungo sa pahayag ng ekonomiya ng Diyos, maaari pa rin tayong mabigong maabot ang gol ng pagtawag ng Diyos, yaon ay, ang makapasok sa pag-angkin sa ating mabuting lupain, si Kristo, at matamasa ang Kanyang kayamanan para sa kaharian ng Diyos upang tayo ay maging Kanyang kahayagan sa kasalukuyang kapanahunan at makalahok sa sukdulang pagtatamasa kay Kristo sa kapanahunan ng kaharian—Mat. 25:21, 23.

C. Tanging sina Caleb at Josue ang nakaabot sa gol at nakapasok tungo sa mabuting lupain; tulad nina Caleb at Josue, tayong mga Bagong Tipang mananampalataya ay kailangang "naghahabol tungo sa gol" (ang pinakaganap na pagtatamasa at pagtatamo kay Kristo) "para sa gantimpala" (ang sukdulang pagtatamasa kay Kristo sa milenyal na kaharian)—Bil. 14:27-30; Fil. 3:12-14:

1. Ang sampu sa labindalawang tao na isinugo ni Moises upang tiktikan ang lupain ay nagdala ng masamang balita na nagsanhi sa mga anak ni Israel na magbulong-bulong at magrebelde laban sa salita ng Panginoon, subalit sinabi nina Caleb at Josue sa buong kapulungan, "Huwag lamang kayong maghimagsik laban sa Panginoon ni matakot sa mga tao ng lupaing iyon, sapagkat sila'y para lamang tinapay sa atin"—Bil. 14:9.
2. Ang salita ng Diyos ay ang ating tinapay (Mat. 4:4), ang gawin ang kalooban ng Diyos ay ang ating pagkain (Juan 4:34), at tinapay din natin ang Anakim (Bil. 14:9), na kumakatawan sa mga tila hindi malalagpasang balakid at mga imposibleng sitwasyon sa ating paghahabol kay Kristo para sa pagtatayo ng ekklesia.

3. Bawat paghihirap at tukso na inilalagay ni Satanas sa ating daan ay pagkain para sa atin; ito ay isang itinalagang paraan ng Diyos sa espiritwal na pagsulong (1 Tim. 4:15-16); kung dumedepende tayo sa Panginoon para sa tagumpay at hinahayaan na mahayag sa atin ang Kanyang nananaig na buhay, makasusumpong tayo ng sariwang pagkain at karagdagang kalakasan (Jos. 14:11-15).
4. Upang mataglay ang nagpepreserbang kapangyarihan ng Diyos, kailangan nating ensayuhin ang ating espiritu ng pananampalataya at panatilihin ang ating puso na nakabaling sa Panginoon upang sumampalataya nang buong puso sa Kanyang mga pangako (2 Cor. 4:13; 3:16; 1:20), upang sumampalataya na kasama Siya ng Kanyang bayan, at upang sumampalataya na kayang-kaya nilang manaig (Jos. 14:12-15; Bil. 13:30); dapat nating ipagkatiwala ang ating mga kaluluwa bilang deposito sa Diyos, ang tapat na Lumalang (1 Ped. 4:19), ibigay ang ating sarili sa Kanya, at ipagkatiwala sa Kanya ang pag-iingat ng ating buhay (2 Tim. 1:12).
5. Kung magtitiwala tayo sa Kanyang mga pangako at ipagkakatiwala ang ating sarili nang lubos sa Kanya, maiingatan tayo mula sa araw na ito hanggang sa araw ng Kanyang pagbabalik; may kakayahan Siyang bantayan tayo mula sa pagkatisod at iharap tayo sa Kanyang kaluwalhatian nang walang kapintasan sa malaking kagalakan—Jud. 24.
6. Kung lubusan nating aangkinin si Kristo bilang mabuting lupain, kailangan nating mag-ingat na magkaroon ng isang masamang puso na walang pananampalataya; ang hindi sumampalataya sa Panginoon ay ang magrebelde laban sa Kanya—Deut. 1:25-26, 28, 35-39; 9:23; Heb. 3:12, 16-19; 4:2, 6; 11:1; cf. 2 Cor. 4:13; Gal. 3:2, 5; Roma 10:17; Gawa 6:5a; Bil. 13:25-33; 14:4-10; 32:11-12; Jos. 14:6-12; 1 Cor. 10:1-13.
7. Kung lubusan nating aangkinin si Kristo bilang mabuting lupain, kailangan nating mag-ingat sa mga pagbubulong-bulong (mga di-nasisiyahan at lihim na pag-angal, mga pagmamaktol, at mga pagrereklamo); ang pagbubulong-bulong ay isang di-malinaw, pabulong na pagrereklamo sa mababang boses, nang di-nasisiyahan at may malungkot na paghihinanakit—b. 10; Awit 106:24-25; Fil. 2:14.

**II. Kung lubusan nating aangkinin si Kristo bilang mabuting lupain, sinasabi ni apostol Pablo na kailangan nating "[tumakas mula] sa pagsamba sa diyos-diyosan" (1 Cor. 10:14), tumutukoy sa pagsamba sa diyos-diyosan ng mga anak ni Israel sa pagsamba sa gintong guya (Exo. 32:1-6):**

Mensahe Dalawa (pagpapatuloy)

A. Ang gintong guya ay ang diyos-diyosang ginawa ng tinubos na bayan ng Diyos; ang tumindig upang magkasiyahan ay ang magpasasa sa katuwaan (o maingay na pagsasaya); ang isang diyos-diyosan sa ating puso ay anumang bagay sa loob natin na iniibig natin nang higit kaysa sa Panginoon at na humahalili sa Panginoon sa ating buhay (Ezek. 14:3); bilang mga tunay na anak ng tunay na Diyos, kailangan nating maging alerto na ingatan ang ating sarili mula sa mga diyos-diyosan (1 Juan 5:21), mula sa lahat ng panghalili at pamalit kay Kristo sa ating buhay.

B. Dapat tayong mabalaan sa prinsipyo ng diyos-diyosang gintong-guya, isang diyos-diyosan na ginawa ng tinubos na bayan ng Diyos upang gawin silang isang kampo na mapagsamba sa diyos-diyosan; ang pagsamba sa diyos-diyosan ay kinapapalooban ng limang prinsipyo—1 Cor. 10:5-7:

1. Ang pagpapaganda sa sarili ay humahantong sa pagsamba sa diyos-diyosan (Exo. 32:1-4; 33:5-6; Gen. 35:1-4); ang Diyos ang ating kagandahan, at pinagaganda Niya ang ekklesia bilang bahay ng Kanyang kagandahan upang Siya ay mapaganda (Isa. 60:7, 19, 21; Efe. 5:26-27); sa kahayagan ng ating sarili ay mayroong pagkakabaha-bahagi, subalit sa sama-samang kahayagan ng Diyos, ang dibinong kaluwalhatian, doon ay may kaisahan (Juan17:22-24); ang ating gawain ay ang ating pamumuhay upang luwalhatiin, upang ihayag, ang Diyos sa lupa (b. 4; 1 Cor. 10:31; Isa. 43:7), at sa ating pagsasalita hindi natin dapat hanapin ang ating sariling kaluwalhatian sa pamamagitan ng pangangaral ng ating sarili, kundi dapat nating ipangaral si Kristo Hesus bilang Panginoon at ang ating sarili bilang mga alipin upang paglingkuran ang mga mananampalataya (Juan 7:17; 2 Cor. 4:5).
2. Ang pagsamba sa diyos-diyosan ay ang pangangamkam ni Satanas sa kung ano ang ibinigay sa atin ng Diyos upang gawin itong sukal; ito ang pag-abuso natin sa kung ano ang ibinigay ng Diyos sa atin at ang hindi paggamit sa mga kaloob ng Diyos, kapwa materyal at espiritwal, para sa layunin ng Diyos; ang gintong ibinigay ng Diyos sa mga anak ni Israel sa pamamagitan ng mga Ehipcio bago ang kanilang pag-alis sa Ehipto ay gagamitin sana para sa pagtatayo ng tabernakulo; gayunpaman, bago pa magamit ang ginto para sa layunin ng Diyos, ito ay nakamkam ni Satanas at ginamit ng bayan ng Diyos upang gumawa ng isang diyos-diyosan—Exo. 11:2-3; 12:35-36; 25:2-8; 35:4-9.
3. Ang pagsamba sa diyos-diyosan ay ang pagsamba sa mga bagay na ating tinatamasa, ang pagsamba sa libangan at aliwan; oo, mayroon tayong pagtatamasa sa Panginoon, subalit hindi ito isang anyo ng makasanlibutang libangan at aliwan—32:6, 18-19; cf. Awit 36:8-9:

a. Binalaan ni Pablo ang mga taga-Corinto sa ganitong paraan: "Ni huwag din naman kayong maging mananamba ng mga diyos-diyosan, gaya niyaong ilan sa kanila; ayon sa nasusulat, 'Naupo ang bayan upang magsikain at magsiinom, at nagsitindig upang magsipaglaro" (1 Cor. 10:7; Exo. 32:6); sinasabi ni C. A. Coates na sila ay nagsipaglaro; sa katapusan ng linggo maraming tao ang nagpapahalaga lamang sa pagkain, pag-inom, at paglalaro.

b. Ang *maglaro* ay ang magkatuwaan, ang magbiruan, at ang kumilos, gumawa, o magsalita nang may kakaunting kaseryosohan; ang *maglaro* ay ang gumawi sa paraang mapaglaro at di-napipigilan; ito ay ang sumali sa maingay na pagsasaya, yaon ay, labis na pagkakatuwaan.

4. Sa pagsamba sa diyos-diyosan ay mayroong pagkukunwari sa pagsamba sa tunay na Diyos—bb. 4-6; 1 Hari 12:26-30; cf. Mat. 4:8-11; Juan 4:23-24.

5. Sa pagsamba sa diyos-diyosan ay mayroong halo sa pagsamba—Exo. 32:4-6, 21-24; cf. 1 Cor. 3:12.

C. Pagkatapos sambahin ng mga anak ni Israel ang gintong guya, natanto ni Moises na ang presensiya ng Panginoon ay wala na sa kalagitnaan ng bayan, kaya inalis niya ang kanyang tolda at itinayo ito nang ilang distansiya mula sa kampo; kaya ang kanyang tolda ay naging tolda ng Diyos, sapagkat kapwa ang presensiya at pagsasalita ng Panginoon ay naroon—Exo. 33:7-11.

D. Pagkatapos alisin ni Moises ang kanyang tolda at inihiwalay ito mula sa kampong mapagsamba sa diyos-diyosan, nagsalita sa kanya ang Panginoon nang mukhaan, tulad ng pagsasalita ng isang tao sa kanyang kasama (bb. 11, 14); ang Diyos at si Moises ay magkasama, magkaibigan, magkasosyo, sangkot sa parehong karera at may parehong interes sa isang dakilang negosyo; si Moises ay matalik sa Diyos, at siya ay isang tao na nakakaalam ng puso ng Diyos, na ayon sa puso ng Diyos, at na makahihipo sa puso ng Diyos.

**III. Isang napabagong pagsasanay ang ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ni Moises sa bagong henerasyon ng mga anak ni Israel pagkatapos ng kanilang mahabang paggala, upang ihanda silang pumasok sa mabuting lupaing ipinangako ng Diyos at manahin ito bilang kanilang pag-aari; pagkatapos mamatay ng unang henerasyon, maliban kina Caleb at Josue, handa nang pumasok ang ikalawang henerasyon sa mabuting lupain at angkinin ito:**

A. Ang unang henerasyon ay sumasagisag sa ating lumang tao; ang ikalawang henerasyon ay sumasagisag sa ating bagong tao—Deut. 2:14; 8:6-10; Exo. 3:8; Col. 1:12:

1. Kailangan nating maging mga lumalago sa buhay tungo sa ganap na pag-angkin at pagtatamasa sa nagpapaloob ng lahat na Kristo, ang ipinangakong lupain ng Diyos; ang transpormasyon ay ang pagkamatay ng lumang tao at ang paglaki ng bagong tao; ang ekonomiya ng Diyos ay ang maubos ang ating lumang tao (ang panlabas na tao) at mapababago ang ating bagong tao (ang panloob na taon) araw kada araw—2 Cor. 4:16.

2. Sa awa at biyaya ng Panginoon, mula noong pumasok tayo sa pagbabawi ng Panginoon, tayo ay napapabago para sa ating paglago sa buhay at transpormasyon sa buhay upang madala tayo tungo sa pagtatamasa kay Kristo bilang ating mabuting lupain para sa pagtatayo at kaharian ng Diyos—3:18; Roma 12:2.

B. Ang ating transpormasyon sa buhay ay nagaganap habang hinahayaan natin ang salita ni Kristo na manahan sa atin nang sagana (Col. 3:16); sinasabi sa Deuteronomio 8:3 na "hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa [lahat ng bagay na] lumalabas sa bibig [ni Jehovah]"; sa Mateo 4:4, ang *lahat ng bagay* ay napalitan ng *bawat salita:*

1. Ang lahat ng salita sa Biblia ay paghinga ng Diyos, at ang lahat ay tumutukoy kay Kristo, na siyang kabuoan ng Salita ng Diyos (Juan 1:1; Apoc. 19:13) upang maging buhay at panustos-buhay ng bayan ng Diyos; ang mabuhay sa bawat salita na lumalabas sa bibig ng Diyos ay ang mabuhay sa pamamagitan ni Kristo, ang pagsasakatawan ng dibinong hininga (Juan 6:57, 63; 20:22).
2. Dahil ang mga Kasulatan ay ang paghinga ng Diyos, ang paghinga palabas ng Diyos (2 Tim. 3:16), dapat nating langhapin ang mga Kasulatan sa pamamagitan ng pagtanggap sa salita ng Diyos sa pamamagitan ng lahat ng panalangin (Efe. 6:17-18); habang tinuturo natin ang Biblia, dapat nating ihinga palabas ang Diyos tungo sa mga tao.
3. Upang lubusang maangkin si Kristo bilang mabuting lupain, dapat nating panatilihin ang ating kasariwaan at kabaguhan sa Panginoon sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kanyang bagong pagsasalita araw kada araw (Panag. 3:22-24; Deut. 34:7; Roma 7:6; Jer. 15:16); dapat tayong mag-ingat sa pagtatagal sa lupain (Deut. 4:25); ang salitang *nagtagal* ay nagpapahiwatig ng "pagkawala ng espiritwal na kasariwaan, at ang pagkamanhid ng mga orihinal na pakiramdam, na ibinunga ng puwersa ng nakagisnan, o pagtira nang matagal sa parehong lugar" (S. R. Driver).
4. Kung iniibig natin ang Diyos, nagpapakumbaba, at lumalapit sa Panginoon bilang buháy na salita sa Kanyang nakasulat na salita sa pamamagitan ng pagbabasa-dalangin ng Kanyang Salita, Siya ay nagiging inaplay na salita ng Espiritu sa atin; ang Kanyang mga kagyat na salita ay espiritu at buhay sa atin para sa ating panustos at pagkain, tayo ay nalalalinan ng substansiya ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga salita, at tayo ay nagiging kaisa ng Diyos sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos para sa Kanyang kaluwalhatian, Kanyang kahayagan—Juan 5:39-40; 6:57, 63; Efe. 5:26-27.

**IV. Ang napabagong pagsasanay ng Diyos ay ang Kanyang pag-aatas sa Kanyang bayan sa siyam na bagay:**

Mensahe Dalawa (pagpapatuloy)

A. Dapat tayong matakot sa Panginoon; ang matakot sa Panginoon ay ang matakot na masaktan Siya, na mawala ang Kanyang presensiya, at na hindi Siya matanggap bilang ating gantimpala sa susunod na kapanahunan; dapat tayong matakot na hindi makita ang ngiti ng Panginoon sa kapanahunang ito at ang Kanyang gantimpala sa kasunod—Kaw. 1:1, 7; Efe. 4:30; 2 Cor. 5:9-10.

B. Dapat tayong lumakad sa mga daan ng Diyos; anuman ang Diyos, ay daan sa atin; kaya, ang kunin kung ano ang Diyos bilang ating mga daan at lumakad sa mga daang ito ay ang ipamuhay ang Diyos, ang ipamuhay si Kristo; ang kunin si Kristo bilang ating daan ay ang ipamuhay Siya, at ang ipamuhay Siya ay ang ihayag Siya, ang dakilain Siya—Juan 14:6; Fil. 1:19-21a.

C. Dapat nating ibigin ang Panginoong Hesus, na siyang ating Diyos (Juan 20:28); dahil iniibig tayo ng Diyos at itinuon ang Kanyang pagmamahal sa atin (Deut. 10:15; Jer. 31:3), dapat natin Siyang ibigin pabalik sa pamamagitan ng pagtutuon ng ating pagmamahal sa Kanya (1 Cor. 2:9).

D. Dapat nating ibigin at paglingkuran ang Diyos nang ating buong puso at ating buong kaluluwa; ang ating puso ay kaugnay sa ating espiritu, sapagkat ang ating budhi, na pangsyon ng ating espirtu (Roma 9:1), ay pangsyon din ng ating puso (Heb. 10:22); kaya, ang ibigin at paglingkuran ang Diyos nang ating buong puso at kaluluwa ay nangangahulugang iniibig at pinaglilingkuran din natin Siya sa ating espiritu (Roma 1:9), na isang espiritu ng pag-ibig (2 Tim. 1:7).

E. Dapat nating sundin ang Kanyang mga utos at mga tuntunin para sa ating ikabubuti; nangangahulugan ito na kailangan nating ingatan ngayon si Kristo bilang realidad ng mga utos ng Diyos at ang kayamanan ni Kristo na inihain sa atin upang tayo ay mapagpala—Deut. 10:13.

F. Dapat nating tuliin ang balat ng ating puso, na nangangahulugang ipako natin sa krus ang laman (Gal. 5:24), na siyang lahat ng kung ano tayo at ng mayroon tayo sa ating natural na katauhan, sa pamamagitan ng ating pamumuhay at paglilingkod sa ating isinilang na muling espiritu (Roma 1:9; 2:28-29; 7:6; 8:4, 16); ginagawa tayo nitong mga tunay na "pagtutuli, na nagsisipaglingkod sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos at nagmamapuri kay Kristo Hesus at walang anumang pagtitiwala sa laman" (Fil. 3:3).

G. Hindi na dapat maging matigas ang ating ulo; ang katigasan ng ating ulo ay sumasagisag sa ating sutil at mapagrebeldeng pagpapasya (Deut. 31:27), na dapat masupil at mabuhay na muli ni Kristo sa pamamagitan Niya bilang nagtatranspormang Espiritu upang maging ating kagandahan sa ating pagsunod sa Kanya (A. A. 1:10; Fil. 2:13).

Mensahe Dalawa (pagpapatuloy)

H. Dapat nating matibay na panghawakan si Kristo bilang buong utos ng Diyos; sa gayon, mapalalakas at mahihikayat tayo na magpatuloy upang angkinin si Kristo bilang ating mabuting lupain (Deut. 11:8, 24); nangangahulugan ito na matatamo natin si Kristo (Fil. 3:8); higit pa rito, mabubuhay tayo nang matagal kay Kristo (Deut. 11:9, 21), ang tuon ng mga mata ng Diyos ay mapasasaatin upang pangalagaan tayo at bigyan tayo ng pagpapala ng Kanyang presensiya (b. 12), at tatamasahin natin ang makalangit na ulan, ang pagdidilig ng Espiritu upang mag-ani ng Kristo (bb. 14-15).

I. "Sa pamamagitan ng Kanyang pangalan ay sumumpa ka. Siya ang iyong kapurihan at Siya ang iyong Diyos, na gumawa para sa iyo nitong mga dakila at kakila-kilabot na mga bagay na nakita ng iyong mga mata" (10:20b-21); sa mga Bagong Tipang katawagan at karanasan, nangangahulugan ito na tumatawag tayo sa pangalan ng Panginoon upang matamasa natin ang Kanyang organikong pagliligtas at ang Kanyang di-malirip na kayamanan (Roma 10:12-13).

*© 2023 Living Stream Ministry*